ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGSUSURI SA MGA PILING MAIKLING KUWENTO NI GENOVEVA EDROZA MATUTE: ISANG PAGSUSURI

**Shyrine ,Waing[1], Linagyn G. Cubio, LPT[2]**
[1]*ORCID No. 0009-0004-5938-4763*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19791**
**DOI No: 10.36713/epra19791**

## ABSTRAK

*Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang representasyon ng kasarian sa mga piling maikling kwentong isinulat ni Genoveva Edroza Matute. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri bilang dulong upang suriin ang sampu (10) maikling kwento ni Matute na nagsilbing korpora. Batay sa resulta, anim ng proseso ng representasyon ng kasarian ang namukod sa ginawang pagsusuri: ang proseso sa pamamagitan ng pagkakasali o hindi pagkakasali, panlipunang gamapanin, semantikong gampanin, katawaganggampanin, pagkasunod-sunod sa pagkakalahad ng karakter, at aktibidad. Dagdag pa, apat na konsepto ng pagpapakitang pagkiling sa representayson ng kasarian naman ang namukod rin sa ginawang pagsusuri: ang pagkiling sa pamamagitan ng bisibilidad, pagiging una sa pagkakabanggit, aktibidad, at bokasyon. Ang pananaliksik sa representasyon ng kasarian ay nagtutok din sa pangangailangan ng mas patas na paglalarawan at representasyon ng mga kasarian sa lipunan. Ito ay maaaring mag-udyok sa mga tagapaglikha ng midya at iba pang mga makikinabang na sektor na magbigay ng mas makabuluhan at hindi diskriminatoryong representasyon.*

**MGA SUSING SALITA**: *diskurso, maikling kuwento, panitikan , representasyon.*

## INTRODUKSYON

Ang panitikan ay itinuturing bilang isang repleksyon ng buhay, kultura, at paniniwala ng isang tao na kalimitang nagpapakita ng mga larawang hindi pagkapantay-pantay sa pagtanaw ng kasarian sa kasalukuyang panahon. Buhat dito, ang pag-iral ng gender inequality at stereotyping sa konteksto nito ay nagdudulot ng implikasyon sa pananaw ng tao hinggil sa usaping kasarian. Lalo na at partikular na nakaangkla ang mga termenong, ‘mahina’, ‘maamo’, at ‘maganda’ sa karakter ng mga kababaihan, habang ang mga termenong, ‘pamumuno’, ‘kapangyarihan’, ‘lakas’, at ‘politika’ naman ang nakaangkla sa katauhan ng mga karakter ng mga kalalakihan sa isang teksto (Kejriwal & Nagaraj, 2022).

Sa kabila ng mga bansa sa Kanluran na may malaking pagsulong sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang gender horizontal segregation ay nananatiling kabilang sa mga pangunahing salik ng hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian sa usaping pang-ekonomiya. Mula pa man noon, ang mga kababaihan ay nakisangkot sa merkado ng paggawa sa lalong mataas na kabayaran, subalit, madalas pa rin silang nagtatrabaho sa mga partikular na sektor na may malaking epekto sa kanilang kita Ang gender segregation ay kapansin-pansin rin sa larangan ng edukasyon na kung saan ang mga babaeng mag-aaral ay labis na kinakatawan sa mga disiplina tulad ng Agham Panlipunan at Humanidades; ang mga disiplinang ito ay inilalarawan bilang may mababang *labor market prospects at income* (van de Werfhorst, 2017).

Kaugnay rito, ang Pilipinas ay humaharap sa isyu ng diskrimasyon sa sahod at trabaho, kung saan ang mga kababaihan ay kumikita ng mas mababa kung ikukumpara sa mga lalaki sa karaniwan. Ayon sa pag-aaral ng Philippine Statistics ang karaniwang pang-araw-araw na sahod ng mga babae ay 13.9% na mas mababa sa karaniwang sahod ng mga lalaki, na nagpapahiwatig lamang ng malaking agwat ng sahod ayon sa kasarian. Authority (2019), ang mga kababaihan sa Pilipinas ay kumikita lamang ng 78% ng kinikita ng mga lalaki. Ang malaking pagkakaiba na ito ay higit na kapansin-pansin sa mga rural na lugar kung saan ang mga kababaihan ay kumikita lamang ng 43% ng mga kita ng mga lalaki. Samakatuwid, ang gender wage gap ay isang malinaw na pahiwatig ng hindi pantay na halaga na ibinibigay ng lipunan sa sektor ng paggawa ng kababaihan kung ikukumpara sa mga kalalakihan. (International Labor Organization 2018).

Bunsod dito, ang pag-aaral na ito ay nauugnay sa isyung panlipunan na kinasasangkotan ng suliranin ng gender inequality o ang hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian sa iba’t ibang aspekto ng lipunan kalakip na ang disadbentahe at diskriminasyon na nararanasan ng pangkat ng kasariang nasisiil sa isyung ito. Ito ay isang pangangailangang pananaliksik upang tugunan ang pagsulong sa gender equality o pagkakaroon ng pantay na karapatan at oportunidad para sa bawat kasarian sa lipunan, mapigil ang mga istereotipo at prejudice na pananaw at hinuha sa kasarian, at maitaguyod ang tamang kaalaman at kamalayan hinggil sa kasarian nangmaitatag ang inklusibo at pagyakap sa pagkakaiba-iba ng bawat tao upang makabuo ng isang lipunang pantay at bukas para sa lahat ng kasarian.

Ang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan nina Katherine Mansfield, Ernest Hemingway ay nagpapakita ng mga temang *gender-related*, na nagbibigay-diin sa mga isyu ng diskriminasyon at pang-aapi sa kababaihan. Sa maikling kwento ni Mansfield, tulad ng "*The Garden Party*," inilalarawan ang mga kababaihan bilang mga biktima ng panlipunang limitasyon at pagkabigo, na nagpapakita ng pananaw ng lipunan noong panahong iyon. Samantala, sa mga akda ni Hemingway, makikita rin ang karaniwang *stereotype* at mga negatibong paglalarawan sa kababaihan, na nagpapahiwatig ng umiiral na gender biases sa kanilang kapanahunan.

Dagdag pa rito, sa kwento ni Susan Glaspell na "*Jury of Her Peers,"* ipinapakita ang hamon at diskriminasyon na kinakaharap ng mga kababaihan sa kanilang personal na buhay at sa ugnayan nila sa lipunan. Gayundin, sa pagsusuri ni Sandra Gilbert sa "*The Yellow Wallpaper*" ni Charlotte Perkins Gilman, makikita ang mga limitasyong ipinapataw ng mga lalaki sa mga kababaihan upang magkasya sila sa isang partikular na hulma ng pagiging babae. malinaw na simbolo ng patriyarkal na kontrol at pag-api. Ang mga akdang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral sa gender-related literature dahil pinapakita nito ang iba't ibang paraan kung paano isinasaalang-alang ng panitikan ang kalagayan at papel ng kababaihan sa lipunan, at kung paano nagiging repleksyon ang mga ito ng diskriminasyon, pagsisiil, at pagtaguyod para sa pagbabago sa papel ng kababaihan sa lipunan.

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa loob ng paaralan ng KCAST, ngunit naiiba ito sa iba dahil nakatuon lamang ito sa mensahe ng mga napiling maikling kuwento ni Matute. Ang layunin ng mananaliksik ay suriin ang mga katangian ng korpora ng mga teksto upang matuklasan ang wika, simbolo, at mensahe na nakapaloob dito, na naglalarawan ng representasyon ng kasarian. Bukod dito, aalamin din ang mga kaalaman na maaaring makuha mula sa dikursong pag-aaral ng mga ito.

Matapos ang pananaliksik na ito, layunin ng mga mananaliksik na ibahagi ang mga natuklasan hindi lamang sa mga guro kundi pati na rin sa mga susunod na mananaliksik. Nais nilang ilathala ang pag-aaral sa pamamagitan ng mga *Conference* may kaugnayan sa larangan ng pag-aaral at mga ahensyang nagtataguyod ng malikhaing interaksyon sa mga mag-aaral, na magbibigay-daan sa mga awtoridad sa pamahalaan upang maipamahagi ang mga natuklasan. Ang layunin ng pampublikong pagbabahagi ng mga resulta ng pananaliksik ay upang magbigay ng inspirasyon sa mga proyektong may malawak na epekto at mapadali ang praktikal na aplikasyon ng mga natuklasan, lalo na sa mga larangan ng pampublikong serbisyo at kaalaman.

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng kwalitatibong diskursong pagsusuri na ito na suriin ang representayson ng kasarian sa mga piling maikling kwentong isinulat ni Genoveva Edroza Matute. Sa yugtong ito ng pag-aaral, ang representayson ng kasarian ay binibigyang katuturan bilalang paglalarawan o pagpapakita ng karakter ng isang babae o lalaki sa loob ng isang maikling kwento.

Sa yugto ng proseso ng pananaliksik, Ang diskursong pagsusuri ng representasyon ng kasarian ay inilarawan bilang pagsusuri ng nilalaman ng materyal ng pananaliksik Upang matukoy ang proseso kung paano ipinakita ang mga kasarian. Ang pangunahing layunin ng pagsusuri na ito ay upang matukoy ang proseso na ginamit sa mga hindi maliwanag at malinaw na pahayag. ideolohiyang nagbibigay-katuturan at nagpapalaganap ng hindi pantay na relasyon ng kapangyarihan sa lipunan.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Ang mga sumusunod na katanungan ay sinagot sa pag-aaral na ito:

1. Ano ang mga prosesong ginamit sa mga akda upang maipakita ang representasyonng kasarian?
2. Ano ang mga pagpapakitang pagkiling sa kasarian na nakapaloob sa isang teksto?

## METODO

**Disenyo**

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na magtatampok sa Diskursong Pagsusuri o (*Discourse Analysis*). Ang kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik ay naglalahad ng detalyadong pananaw ng tao, teksto, at mga hinaing at konteksto ng mga kalahok Hermanola (2018). Ang kwalitatibong pananaliksik ay tumatalakay sa paggamit ng mga estratihiya o paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari o problemang nagaganap sa kapaligiran sa pamamagitan ng paggamit ng mga dokumento, mga panayam at datos ng pagmamasid sa mga kalahok (Creswell at Poth, 2018).

Ang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, na nakasentro sa pagsusuri ng korpora gamit ang Diskursong Pagsusuri. Ang kwalitatibong pamamaraan ay angkop na lapit para sa pag-aaral ng gender-related literature sa maikling kuwento, dahil nagbibigay-daan ito sa mas malalim na pagsusuri ng mga wika, simbolo, at mensahe sa mga teksto, na tumutukoy sa mga ideolohiya at kulturang nakapaloob sa mga ito.

Ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa pagkolekta at pagsusuri ng mga hindi numerikal na datos tulad ng teksto mula sa korpora. Layunin nitong unawain ang mga konsepto at karanasan na nakapaloob sa mga kwento, partikular sa representasyon ng kasarian. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang Diskursong Pagsusuri ay ginagamit upang matukoy ang mga lingguwistikong pattern at paraan ng pagkatawan sa kasarian sa teksto, at kung paano nito naaapektuhan ang pananaw ng mambabasa.

Kaugnay rito, ang diskursong pagsusuri ay isang pag-aaral sa panlipunang daloy ng buhay na nauunawaan sa pamamagitan ng pagsusuri ng wikang ginamit sa pakikipagtalastasan, di-berbal na interaksyon, imahen, simbolismo at dokumento na naiimpluwensyahan ng iba't ibang disiplina kabilang na ang antropolohiya, linggwistika, kultural na pag-aaral, pag-aaral sa kasarian, sikolohiyang panlipunan at pilosopiya (Potter & Wetherell, 1987).

Ang paggamit ng korpora ay nagbigay-daan upang sistematikong masuri ang isang koleksyon ng mga teksto na may kinalaman sa mga *gender-related literature* sa mga maikling kuwento. Sa pamamagitan ng kwalitatibong pamamaraan, layunin ng pag-aaral na maunawaan ang ugnayan ng wika, kultura, at ideolohiya sa representasyon ng kasarian (Bhandari, 2020).

Ang korpora ay isang koleksyon ng mga teksto na ginagamit bilang pangunahing pinagkukunan ng datos. Sa kasong ito, naglalaman ito ng iba't ibang maikling kuwento mula sa iba't ibang panahon, manunulat, at genre, na may kaugnayan sa mga isyu ng kasarian. Sa tulong ng korpora, maaaring matukoy ang mga lingguwistikong pattern at mga ideolohikal na diskurso na sumasalamin sa kasarian.

**Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos**

Sa paglikom ng datos, sinunod ng mananaliksik ang mga batayang pamamaraan sa pagsasagawa ng isang pag-aaral. Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pag-aaral ay dapat na masusing isinasaayos sa kritikal na pamamaraan (Cresswell, 2013).

Bilang tugon dito, ang mananaliksik ay sumangguni sa kaniyang tagapayo bilang paunang hakbang upang suriin at talakayin ang pagpili ng mga maikling kwentong gagamitin bilang korpora sa ginawang pananaliksik. Nang nagbigay ng aprubasyon ang tagapayo sa mga korporang napili, kumuha naman aprubasyon ang mananaliksik.

Sa paglikom ng datos, sinunod ng mananaliksik ang mga batayang pamamaraan sa pagsasagawa ng isang pag-aaral. Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pag-aaral ay dapat masusing isinasaayos sa kritikal na pamamaraan (Cresswell, 2013). para sa manuskrito mula sa kaniyang tagapayo at kumuha ng endorsement letter upang maumpisahan ang proseso ng routing sa manuskrito sa tatlong tagapagsuri ng papel pananaliksik upang matasa ang kawastuhan ng papel pananaliksik.

Matapos maapruban ng tatlong tagapagsuri ang manuskirto, isinumite naman ito sa *Research Office* na dumaan sa ethics review. Nang naibigay na ng tagapamahala ng opisina ang compliance certification mgaethics review, inumpisahan nang mananaliksik ang paglikom ng mga maikling kwentong susuriin.

Sa paglikom ng mga maikling kwento, sumangguni ang mananaliksik sa librarya ng paaralan upang hiramin ang librong naglalaman ng mga koleksyon ng mga maikling kwento ni Genoveva Edroza Matute na may pamagat na "Si Mabuti". Bilang sekundaryong pagpipilian nang ang nasabing libro ay wala sa librarya, sumangguni ang mananaliksik sa iba pang mga silid-aklatan na maaaring may kopya ng mga aklat kung saan napapaloob ang iba't ibang akdang pampanitikan kung saan kabilang ang mga piling katha ni Genoveva. Gumamit din ang mananaliksik ng mga *online* na plataporma sa paghahanap o paglikom ng kopya ng kaniyang akda upang mabuo ang labindalawang maikling kwentong ginamit bilang korpora ng pag-aaral.

Matapos malikom ang nakaatas na bilang ng korpora ay agad na isinagawa ng mananaliksik ang pagsusuri sa mga akda upang mailahad ang mga proseso sa pagpapakita ng representayson ng mga kasarian at pagpapakita ng mga pagkiling sa representasyon ng kasarian sa loob ng tekstong susuriin. Bawat datos na nakuha ay itinala sa isang kwaderno sa masusing balangkas na siyang inilipat sa pamamagitan pag-*encode* nito sa *laptop* nang mabigyang paunang pagsusuri ito ng mananaliksik na siya namang isinangguni sa dalubhasang analyst o tagapagsuri na nakaatas sa kaniya upang masiguro na tama, wasto, at kredibol ang mga nakalap na resulta.

Matapos masigurong tama at wasto ang mga datos na nakalap ay inumpisahan na mananaliksik ang pagbuo at paghahanay sa Kabanata 3 na naglalaman ng resulta at interpretasyon ng pag-aaral.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Sa pag-aanalisa ng datos, gagamitin ng mananaliksik ang *Eight-Factor Model of Gender Representation* nina Amerian At Esmaeeli (2014), bilang batayang salik na nagpapakita ng proseso kung paano ipinapakita ang representasyon ng kasarian sa konteksto ng isang maikling kwento. Dagdag pa, ang *Five-Gender Bias* na modelo nona Amini at Birjandi (2012) ay gagamitin bilang mga salik na nagpapakita ng pagkiling sa pagpapakita ng representayson ng kasarian sa loob ng isang kwento.

Kaugnay rito, ang unang katanungan ng pananaliksik ay sasagutin sa pamamagitan ng *Eight-Factor model of Gender Representation* nina Amerian at Esmaeeli (2014). Ipapakita ng modelong ito kung paano ipinapakita ang karakter ng mga kasarian na nakapaloob sa mga maikling kwentong susuriin batay sa walong salik: pagkakasali o hindi pagsasali ng kalalakihan at kababaihan, panlipunang gampanin ng kalalakihan at kababaihan, semantikong gampanin ng kalalakihan at kababaihan, katawagan para sa mga kalalakihan at kababaihan, *masculine generic construction*, pagkasunod-sunod ng paglantad, mga aktibidad na kinasasangkutan ng parehong kasarian, at panlarawang representasyon ng parehong kasarian (Amerian & Esmaeeli, 2014)

Habang ang pangalawang katanungan ng pananaliksik ay sasagutin sa pamamagitan ng *Five-Gender Bias model* ni Amini at Birjandi (2012). Ipapakita ng modelong ito ang mga pangunahing pagpapakitang pagkiling sa representayson ng bawat kasarian sa loob ng isang teksto batay sa limang biases o paraan ng pagkiling: bisibilidad ng kalalakihan atkababaihan, pagiging una sa pagkakabanggit, femenine o masculine generic construction, aktibidad, at bokasyon.

**RESULTA**

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa representasyon ng kasarian sa maikling kwentong isinulat ni Genoveva Edroza Matute kung saan binigyang gabay ng **dalawang katanungan sa pananaliksik: (1) Ano ang mga prosesong ginamit sa mga akda upang maipakita ang representasyon ng kasarian? (2) Ano ang mga pagpapakitang pagkiling sa kasarian na nakapaloob sa isang tekso?**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.1**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Pagkakasali o Hindi Pagkakasali**

| Kasarian | Frequency | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | **307** | • *E, mamaya lamang po naman ay dadaong na ang Dona Victoria." (GEM_10)*<br>• *"Lydia," ang tawag ng magandang si Carmen. (GEM_07)*<br>• *Saglit siyang magbalik sa lalawigan—doon sa kinatatagpuan niya kay Neneng. (GEM_04)*<br>• *"Nahilo po ako, Miss De la Rosa," ang kanyang sagot. (GEM_05)*<br>• *Gaya ng sasabihin nitong si Fe—iyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan. (GEM_01)* |
| Lalaki | **226** | • *Hatinggabing malalim nang bumalik sa kanilang nayon si Roman. (GEM_02)*<br>• *Ang malaking ikinaiiba ni Leoncio sa mga kasamahan niya ay ang kanyang pagkamaibigin sa pag-iisa. (GEM_05)*<br>• *May marahang tawang walang taginting ang kasabay ng sinabing iyon ni Ramon. (GEM_07)*<br>• *"Ako rin," agaw ni Ricky, "gusto kong maging writer, pero sabi ng classmate ko, walang dais daw ang writer, kaya, ewan ba!" (GEM_09)*<br>• *Salamat sa'yo, Mon. Kundi sa'yo pa'no makakapunta ro'n ang Berto? (GEM_10)* |

**Talahanayan 1.2**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Panlipunang Gampanin**

| asarian | Representasyon na gampanin | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | Guro | • *Siyanga pala, Ma'am, kayo? Kayo nga pala? (GEM_01)* |
| | Anak | • *Ngunit bumanggit siya tungkol sa kanyang anak na babae, sa tangi niyang anak—nang paulit-ulit. (GEM_01)* |
| | Maybahay | • *Sumisidhi ang pag-aalala niya sa maaaring balakin nito sa maybahay ni Ventura. (GEM_04)* |
| | Maalaga | • *Marahang-marahan tulad ng haplos ng isang ina, ang pagdantay ng madaling araw sa kanyang pinilakang ulo. (GEM_09)* |
| | Magiliw sa mga panauhin | • *"Naku, maestra, huwag diyan. Dito, dito kayo umupo," anang babaing nagpupumilit. "Kahiya-hiya sa inyo. Hindi kayo sanay."* |
| | Mapag-alala | • *Minsan, tila hindi namamalayang nakapagpapahayag ang aming guro ng isang pangamba: ang pagkatakot niyang baka hindi siya umabot sa matatayog na pangarap ng kanyang anak. (GEM_01)* |
| | Katulong | • *Inuulit ko na naman ang magandang trabaho ni Aning sa Copenhagen: mag-asawang tagaroon at walang anak ang pinasukan niya roon bilang katulong… (GEM_10)* |
| | Handang magsakripisyo para sa pamilya | • *…ayaw sanang payagan ni Bert si Aning na mangibang-bayan upang pumasok bilang katulong, ngunit nagpumilit ito, kailangan e, kailangan. (GEM_10)* |
| | Labandera | • *Maganda silang magdala ng pasanin: tumatanggap lamang ng labada ang kanilang ina upang mapag-aral sila. (GEM_08)* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | Mahinahon | • *Ang magandang si Carmen ay aral sa kolehiyo. Kailanma'y hindi niya narinig ang tinig nitong naging marahas, ni galit. Malamig lamang. Malamig. (GEM_07)* |
| Lalaki | Ama | • *Hindi rin siya bumanggit sa amin kailanman tungkol sa ama ng batang iyon. (GEM_01)* |
| | Mabilis | • *Mabilis ang sibad ni Anselmo. (GEM_05)* |
| | Binata | • *Binata na siya marahil ngayon. (GEM_03)* |
| | Agresibo | • *Biglang ipinukpok ng Big Boss ang baso ng inumin sa hapag. Lumigwak ang laman nito. (GEM_04)* |
| | Pangulo | • *Ang Pangulo ng unyon ay ang Big Boss. (GEM_04)* |
| | Mapagmahal | • *Punong-puno ng pagmamahal ang tinig ni Daddy. (GEM_08)* |
| | Manggagamot | • *Ang ama ng batang iyong marahil ay magiging isang manggagamot din balang araw, ay namatay ilang araw lamang ngayon ang nakalilipas. (GEM_01)* |
| | Matapang | • *Hatinggabing malalim nang bumalik sa kanilang nayon si Ramon. (GEM_02)* |
| | Mapagmalaki | • *Roman! Roman!" Ang tinig ni Basilio'y punong-puno ng kagalaka't pagmamalaki. (GEM_02)* |
| | Mapagkimkim ng Damdamin | • *Kinaumagahan, nagimbal ang buong nayon sa tanawing nasikatan ng araw: ang katawang wala nang buhay ni Roman ay bibitin-bitin sa isang malaking punong-kahoy sa dulo ng landas. (GEM_02)* |

**Talahanayan 1.3**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Semantikong Gampanin**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Babae | Guro | Mababa | • *Siyanga pala, Ma'am, kayo? Kayo nga pala? (GEM_01)* |
| | Anak | Nakadepende | • *Ngunit bumanggit siya tungkol sa kanyang anak na babae, sa tangi niyang anak—nang paulit-ulit. (GEM_01)* |
| | Maybahay | Nakadepende | • *Sumisidhi ang pag-aalala niya sa maaaring balakin nito sa maybahay ni Ventura. (GEM_04)* |
| | Maalaga | Nakadepende | • *Marahang-marahan tulad ng haplos ng isang ina, ang pagdantay ng madaling araw sa kanyang pinilakang ulo. (GEM_09)* |
| | Magiliw sa mga panauhin | Nakadepende | • *"Naku, maestra, huwag diyan. Dito, dito kayo umupo," anang babaing nagpupumilit. "Kahiya-hiya sa inyo. Hindi kayo sanay." (GEM_05)* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Mapag-alala<br><br>Katulong<br><br>Handang magsakripisyo para sa pamilya<br><br>Labandera<br><br>Mahinahon | Mahina<br><br>Mababa<br><br>Malakas<br><br>Mababa<br><br>Mahina | • *Minsan, tila hindi namamalayang nakapagpapahayag ang aming guro ng isang pangamba: ang pagkatakot niyang baka hindi siya umabot sa matatayog na pangarap ng kanyang anak. (GEM_01)*<br>• *Inuulit ko na naman ang magandang trabaho ni Aning sa Copenhagen: mag-asawang tagaroon at walang anak ang pinasukan niya roon bilang katulong… (GEM_10)*<br>• *…ayaw sanang payagan ni Bert si Aning na mangibang-bayan upang pumasok bilang katulong, ngunit nagpumilit ito, kailangan e, kailangan. (GEM_10)*<br>• *Maganda silang magdala ng pasanin: tumatanggap lamang ang kanilang ina upang mapag-aral sila. (GEM_08)*<br>• *Ang magandang si Carmen ay aral sa kolehiyo. Kailanma'y hindi niya narinig ang tinig nitong naging marahas, ni galit. Malamig lamang. Malamig. (GEM_07)* |
| | Ama<br><br>Mabilis | Mataas/Hindi<br><br>Nakadepende Malakas | • *Hindi rin siya bumanggit sa amin kailanman tungkol sa ama ng batang iyon. (GEM_01)*<br>• *Mabilis ang sibad ni Anselmo. (GEM_05)* |
| Lalaki | Binata<br><br>Agresibo<br><br>Pangulo<br><br>Mapagmahal<br><br>Manggagamot<br><br>Matapang<br><br>Mapagmalaki<br><br>Mapagkimkim ng damdamin | Malakas<br><br>Malakas<br><br>Mataas/Hindi<br><br>Nakadepende<br><br>Malakas<br><br>Mataas<br><br>Malakas<br><br>Malakas | • *Binata na siya marahil ngayon. (GEM_03)*<br>• *Biglang ipinukpok ng Big Boss ang baso ng inumin sa hapag. Lumigwak ang laman nito. (GEM_04*<br>• *Ang Pangulo ng unyon ay ang Big Boss. (GEM_04)*<br>• *Punong-puno ng pagmamahal ang tinig ni Daddy. (GEM_08)*<br>• *Ang ama ng batang iyong marahil ay magiging isang manggagamot din balang araw, ay namatay ilang araw lamang ngayon ang nakalilipas. (GEM_01)*<br>• *Hatinggabing malalim nang bumalik sa kanilang nayon si Ramon. (GEM_02)*<br>• *Roman! Roman!" Ang tinig ni Basilio'y punong-puno ng kagalaka't pagmamalaki. (GEM_02)*<br>• *Kinaumagahan, nagimbal ang buong nayon sa tanawing* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Mahina | *nasikatan ng araw: ang katawang wala nang buhay ni Roman ay bibitin-bitin sa isang malaking punong-kahoy sa dulo ng landas. (GEM_02)* |

**Talahanayan 1.4**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Katawagang Gampanin**

| **Kasarian** | **Halimbawang Pahayag** |
|---|---|
| Babae | • *"Opo, Miss De la Rosa," ang kanyang isinagot, "gusto ko po." (GEM_05)*<br>• *Ang misis ng Venturang ito ay isa sa mga naging bata ko. (GEM_04)*<br>• *"May kamukha ang batang iyon, Miss Legaspi." "si Jose?" (GEM_08)*<br>• *"Lula, magdating na naman sang Mistir at Misis Valli." (GEM_07)* |

**Talahanayan 1.5**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Pagkasunod-sunod ng Paglalahad ng Karakter**

| | | |
|---|---|---|
| Babae | Una | • *Nagyaya nang umuwi sa kanilang mga ina o ama o nakatatandang kapatid na nakabantay sa may-paglabas ng silid. (GEM_08)*<br>• "*Kasi pa'no si Inay? Si Itay? Saka si Bagong, si Tong-tong, saka si Monching din? Pa'no si Kulot?" (GEM_09)* |
| | Pangalawa | • *"Lula, magdating na naman sang Mistir at Misis Valli." (GEM_07)*<br>• *"Daddy, Mommy, talaga bang ibig ninyong malaman kung ano ang gusto ko?" (GEM_08)*<br>• *Kasama niya si Kardo, si Lina at si Ricky. (GEM_09)* |
| Lalaki | Una | • *"Lula, magdating na naman sang Mistir at Misis Valli." (GEM_07)*<br>• *"Daddy, Mommy, talaga bang ibig ninyong malaman kung ano ang gusto ko?" (GEM_08)*<br>• *Kasama niya si Kardo, si Lina at si Ricky. (GEM_09)* |
| | Pangalawa | • *Hindi alam nina Mommy at Daddy na nasa bahay na ako. (GEM_08)*<br>• *Nagyaya nang umuwi sa kanilang mga ina o ama o nakatatandang kapatid na nakabantay sa may-paglabas ng silid. (GEM_08)*<br>• *"Kasi pa'no si Inay? si Itay? Saka si Bagong, si Tong-tong, saka si Monching din? Pa'no si Kulot?" (GEM_09)* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.6**
**Representasyon sa Pamamagitan ng Aktibidad**

| Kasarian | Representasyon ng Aktibidad | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | Namamasukan<br>Naglalaba<br>Nagbabalita<br>Nagtuturo<br>Nagpapatuloy sa panauhin | • *… ayaw sanang payagan ni Bert si Aning na mangibang-bayan upang pumasok na katulong, ngunit nagpumilit ito; kailangan e, kailangan. (GEM_10)*<br>• *Maganda silang magdala ng pasanin: tumatanggap lamang ng labada ang kanilang ina upang mapag-aral sila. (GEM_08)*<br>• *At hangos na hangos na nagbabalita ang maybahay ni Basilio sa tanging katapatan niya ng mga lihim, sa kabiyak ni Roman: nagisnan niyang maagang-maaga sa ilalim ng kanilang hagdan ang dalawang bungkos ng salapi na P80,000 lahat. (GEM_02*<br>• *Pinuno niya (Mabuti) ng maririkit na guniguni ang aming isipan at ng mga kaaya-ayang tunog ang aming pandinig at natutuhan naming unti-unti ang kagandahan (GEM_01)*<br>• *"Halikayo, maestra," anang babaing nagpatuloy sa akin. (GEM_05)* |
| Lalaki | Nagpapasan sa daungan<br>Namamahala<br>Nagtatabako<br>Humahawak ng matataas na tungkulin<br>Sumasali sa paluwagan<br>Nagsusulat<br>Nagpapasiya | • *Matagal nang nakalabas sa kanyang tanggapan si Ventura, matagal na niya itong nakausap tungkol sa maaari pa nitong gawin bukod sa pagpapasan sa daungan, ang Big Boss ay nakaupo pa rin sa harap ng malaki niyang hapag. (GEM_04)*<br>• *"Ikaw na nga pala ang bahala muna sa ilang bata natin sa unyon, Salamin. Magbabakasyon ako sandali." (GEM_04)*<br>• *Biglang inalis ng Big Boss ang tabako niya upang hindi maibuga ng madagundong na halakhak na yumanig sa namimintog niyang tiyan. (GEM_04)*<br>• *Napagtulungan nina Salamin at Big Boss ang paghimok kay Venturang magpatuloy sa gawain sa daungan, gawaing tuntungan lamang sa pagtaas, paghawak ng matataas na tungkulin sa unyon, pag-unlad, pagtatagumpay. (GEM_04)*<br>• *Bago umuwi si Ventura ay nakahiram na ito ng limampung piso buhat sa "paluwagang" may patubong beinte porsyento. (GEM_04)*<br>• *"Kasi, Ricky," sabi ni Lina, ang ina ng bata, writer ang Lolo mo noong araw, kaya ganyan," (GEM_09)*<br>• *Bago pa niya naaninaw ang kubong nagkukupkop sa mga mahal niya sa buhay, isang pasiya ang nabuo sa katauhan ni Roman: lalayo sila sa pook na ito. (GEM_02)* |

**Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik:** Ano ang mga batayan ng pagpapakitang pagkiling sa kasarian na nakapaloob sa isang teksto?

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2.1**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Bisibilidad**

| Kasarian | Frequency | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | 307 | • *"E, mamaya lamang po naman ay dadaong na ang Dona Victoria." (GEM_10)*<br>• *"Lydia," ang tawag ng magandang si Carmen. (GEM_07)*<br>• *Saglit siyang magbalik sa lalawigan—doon sa kinatatagpuan niya kay Neneng. (GEM_04)*<br>• *"Nahilo po ako, Miss De la Rosa," ang kanyang sagot. (GEM_05)*<br>• *Gaya ng sasabihin nitong si Fe—iyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan. (GEM_01* |
| Lalaki | 226 | • *Hatinggabing malalim nang bumalik sa kanilang nayon si Roman. (GEM_02)*<br>• *Ang malaking ikinaiiba ni Leoncio sa mga kasamahan niya ay ang kanyang pagkamaibigin sa pag-iisa. (GEM_05)*<br>• *May marahang tawang walang taginting ang kasabay ng sinabing iyon ni Ramon. (GEM_07)*<br>• *"Ako rin," agaw ni Ricky, "gusto kong maging writer, pero sabi ng classmate ko, walang dais daw ang writer, kaya, ewan ba!" (GEM_09)*<br>• *Salamat sa'yo, Mon. Kundi sa'yo pa'no makakapunta ro'n ang Berto? (GEM_10)* |

**Talahanayan 2.2**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Pagiging Una sa Pagkakabanggit**

| Kasarian | Pagkasunod-sunod ng paglalahad | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | Una | *Hindi alam nina Mommy at Daddy na nasa bahay na ako. (GEM_08)*<br>*Nagyaya nang umuwi sa kanilang mga ina o ama o nakatatandang kapatid na nakabantay sa may-paglabas ng silid. (GEM_08)*<br>*"Kasi pa'no si Inay? Si Itay? Saka si Bagong, si Tong-tong, saka si Monching din? Pa'no si Kulot?" (GEM_09)* |
| Lalaki | Una | *"Lula, magdating na naman sang Mistir at Misis Valli." (GEM_07)*<br>*"Daddy, Mommy, talaga bang ibig ninyong malaman kung ano ang gusto ko?" (GEM_08)*<br>*Kasama niya si Kardo, si Lina at si Ricky. (GEM_09)* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2.3**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Aktibidad**

| Kasarian | Representasyon ng Aktibidad | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | Namamasukan<br>Naglalaba<br>Nagbabalita<br>Nagtuturo<br>Nagpapatuloy sa mga panauhin | • *... ayaw sanang payagan ni Bert si Aning na mangibang-bayan upang pumasok na katulong, ngunit nagpumilit ito; kailangan e, kailangan. (GEM_10)*<br>• *Maganda silang magdala ng pasanin: tumatanggap lamang ng labada ang kanilang ina upang mapag-aral sila. (GEM_08)*<br>• *At hangos na hangos na nagbabalita ang maybahay ni Basilio sa tanging katapatan niya ng mga lihim, sa kabiyak ni Roman: nagisnan niyang maagang-maaga sa ilalim ng kanilang hagdan ang dalawang bungkos ng salapi na P80,000 lahat. (GEM_02)*<br>• *Pinuno niya (Mabuti) ng maririkit na guniguni ang aming isipan at ng mga kaaya-ayang tunog ang aming pandinig at natutuhan naming unti-unti ang kagandahan ng buhay. (GEM_01)*<br>• *"Halikayo, maestra," anang babaing nagpatuloy sa akin. (GEM_05* |
| Lalaki | Nagpapasan sa daungan<br>Namamahala<br>Nagtatabako<br>Humahawak ng matataas na tungkulin<br>Sumasali sa paluwagan | • *Matagal nang nakalabas sa kanyang tanggapan si Ventura, matagal na niya itong nakausap tungkol sa maaari pa nitong gawin bukod sa pagpapasan sa daungan, ang Big Boss ay nakaupo pa rin sa harap ng malaki niyang hapag. (GEM_04)*<br>• *"Ikaw na nga pala ang bahala muna sa ilang bata natin sa unyon, Salamin. Magbabakasyon ako sandali." (GEM_04)*<br>• *Biglang inalis ng Big Boss ang tabako niya upang hindi maibuga ng madagundong na halakhak na yumanig sa namimintog niyang tiyan. (GEM_04)*<br>• *Napagtulungan nina Salamin at Big Boss ang paghimok kay Venturang magpatuloy sa gawain sa daungan, gawaing tuntungan lamang sa pagtaas, paghawak ng matataas na tungkulin sa unyon, pag-unlad, pagtatagumpay. (GEM_04)*<br>• *Bago umuwi si Ventura ay nakahiram na ito ng limampung piso buhat sa "paluwagang" may patubong beinte porsyento. (GEM_04)* |
| | Nagsusulat<br>Nagpapasiya | • *Kasi, Ricky," sabi ni Lina, ang ina ng bata, writer ang Lolo mo noong araw, kaya ganyan," (GEM_09)*<br>• *Bago pa niya naaninaw angkubong nagkukupkop sa mga mahal niya sa buhay, isang pasiya ang nabuo sa katauhan ni Roman: lalayo sila sa pook na ito. (GEM_02)* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2.4**
**Pagkiling sa Pamamagitan ng Bokasyon o Trabaho**

| Kasarian | Representasyon na Gampanin | Halimbawang Pahayag |
|---|---|---|
| Babae | Domestic Helper<br>Labandera<br>Guro<br>Utusan | • *… ayaw sanang payagan ni Bert si Aning na mangibang-bayan upang pumasok na katulong, ngunit nagpumilit ito; kailangan e, kailangan. (GEM_10)*<br>• *Maganda silang magdala ng pasanin:tumatanggap lamang ng labada ang kanilang ina upang mapag-aral sila. (GEM_08)*<br>• *Pinuno niya (Mabuti) ng maririkit na guniguni ang aming isipan at ng mga kaaya-ayang tunog ang aming pandinig at natutuhan naming unti-unti ang kagandahan ng buhay. (GEM_01)*<br>• *Lumapit sa kanya si Tinay, ang utusan. May tangang kutsarita ng gamut sa isang basong tubig. (GEM_07)* |
| | Tagapasan sa daungan/Kargador<br>Tagapamahala<br>Pangulo ng Unyon<br>Manunulat<br>Kahero<br>Tsuper | • *Matagal nang nakalabas sa kanyang tanggapan si Ventura, matagal na niya itong nakausap tungkol sa maaari pa nitong gawin bukod sa pagpapasan sa daungan, ang Big Boss ay nakaupo pa rin sa harap ng malaki niyang hapag. (GEM_04)*<br>• *"Ikaw na nga pala ang bahala muna sa ilang bata natin sa unyon, Salamin. Magbabakasyon ako sandali." (GEM_04)*<br>• *Ang Pangulo ng unyon ay ang Big Boss. (GEM_04)*<br>• *"Kasi, Ricky," sabi ni Lina, ang ina ng bata, writer ang Lolo mo noong araw, kaya ganyan," (GEM_09)*<br>• *Tangan ng huli ang sobre ng suweldo ni Ventura na madaling nakuha ni Salamin sa kahero s autos ng Big Boss. (GEM_04)*<br>• *"Kuryusidad lamang," ang patawang sabi ng Big Boss kay Salamin, nang magpadaan ito sa kanyang tsuper sa direksiyong nakatala sa record card ni Ventura. (GEM_04)* |

## DISKUSYON

### Representasyon ng Kasarian

Sa pagsusuri ng mga piling maikling kwento ni Genoveva Edroza Matute, lumalabas na may **anim (6) na proseso ng pagpapakitang representasyon ng kasarian.** Una ay ang pagkakasali at hindi pagkakasali, pangalawa ay ang panlipunang gampanin, pangatlo ay ang semantikong gampanin, pang apat ay ang katawagang gampanin, pang lima ay ang pagkasunod-sunod ng pagkakalahad ng mga karakter at ang ang panghuli ay ang aktibidad.

Batay sa ipinapakitang resulta sa na ang representasyon sa pamamagitan ng pagkakabilang o hindi pagkakabilang na kung saan inihanay ang dalas ng pagkakabanggit ng pangngalan na nauugnay sa kababaihan at kalalakihan na nakapaloob sa piling maiikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute.

Lumalabas na ang kabuuang bilang ng pangngalan na nauugnay sa kababaihan ay 307 samantalang 226 naman para sa kalalakihan. Kung kaya, masasabi natin na mas madalas na nabibigyan ng representasyon ang karakter ng mga kababaihan kumpara sa mga kalalakihan sa mga piling maiikling kuwento ni Genoveva Edroza Matute.

Ipinapakita ng resulta na mas madalas at mas prominenteng nakikita ang mga kababaihan sa mga kuwento, bagamat parehong napapabilang ang dalawang kasarian.

Dagdag pa, ito ay nagbibigay-diin sa pagpapakita ng panlipunang gampanin sa pamamagitan ng pangkalahatang pagbuo ng pananaw o stereotyping sa representasyon ng kasarian sa lipunang ginagalawan ng mga karakter sa maikling kwento ni Genoveva Edroza Matute. Binigyang katauhan ang mga kababaihan ayon sa panlipunang gampanin bilang guro, maybahay, katulong, labandera na nagpapahayag ng pangkalahatang paglalarawan sa mga kababaihang hindi gaanong nabibigyan ng sapat na pagkilala sa patriarkal na lipunan.

Batay sa talahanayang resulta, lumalabas na ang semantikong gampanin ng mga kababaihan ay maituturing na mababa, nakadepedende, at mahina. Nabibilang sa mga mababang lebel na katayuan ang mga panlipunang gampanin ng pagiging guro, katulong at labandera.

Habang lumalabas naman sa pagsusuri na ang mga aktibidad na kadalasang kinasasangkutan ng mga lalaking tauhan sa akda ay ang nagpapasan sa daungan, namamahala,

nagtatabako, humahawak ng matataas na tungkulin, sumasali sa paluwagan, nagsusulat, at nagpapasiya.

Batay sa resulta, lumalabas na ang representasyon ng aktibidad ng mga kababaihan ay may halong gender stereotyping. Inilalarawan sila sa mga tradisyonal na papel bilang namamasukan, naglalaba, nagbabalita, nagtuturo, at nagpapatuloy ng mga panauhin.

Sa kabuuan, makikita ang pagkiling sa mga tauhang lalaki sa kwento, batay sa dami ng representasyon ng bokasyon. Kung ikukumpara sa kababaihan, mas maraming uri ng karera ang ipinakita na maaaring pasukan ng mga kalalakihan.

**Mga Implikasyon para sa mga Susunod na Mananaliksik**
Sa mga hinaharap na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa mga maikling kwentong isinulat ni Genoveva Edroza Matute, kaya maaari pa ring gumawa ng parehong pananaliksik ngunit naiiba na ang gagamiting korpora. Maaari ring sumuklaw ng iba't ibang uri ng akdang pampanitikan kagaya na lamang ng mga dula, nobela, at iba pa.

Mahalaga ring pagtuunang pansin ang mga akdang may malalim na kahalagahan sa ating bansa, gaya na lamang ng mga awtor sa panahon ng kolonyalismo, upang mailahad natin ang pagkakaiba at pagkakatulad na mayroon ang nakalipas at kasalukuyang panahon, at upang matasa kung mayroon bang kaunlaran sa kapakanan ng mga kasarian at pagtaguyod sa pagkapantay-pantay sa patuloy na pagbabago ng panahon.

Dagdag pa, mahalaga din na magsagawa ng mga pag-aaral hinggil sa iba't ibang akdang naisulat ng mga kilala at tanyag na manunulat sa Pilipinas na may malaking impluwensya sa lipunan.

Ang mga pag-aaral na ito ay isang mahalagang gawain na hindi lamang tutulong upang matugunan ang mga isyung nasasangkot ang kasarian, bagkus ay magiging daan din ito upang makapagbigay ng malalim at malawak na kaalaman at kamalayan sa pagsulong ng gender sensitivity at gender equality.

**Konklusyon**
Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga proseso na nagpapakita ng representasyon ng kasarian at mga batayang konspeto na nagpapakita pagkiling sa representasyon ng kasarian sa mga maikling kwentong naisulat ni Genoveva Edroza Matute. Batay sa mga datos na nakalap, lantad ang pag-usbong ng representasyon ng kasarian sa loob ng mga maikling kwento. Mababanaag sa mga akda ni Matute na isinusulong niya ang kapakanan ng karakter ng mga kababaihan sa loob ng mga akda sa pamamagitan ng paghirang sa kanila bilang 'protagonist' kung saan sa kanila umiikot ang buong istorya at ginagamit . Maiuugnay ito sa sampu maikling kwento ni Matute—"Kwento ni Mabuti", "Pagbabalik"," Paglalayag sa Puso ng Isang Bata ", "Parusa",'Walong Taong Gulang", "Isang Saglit Munting Ibon", Yumayapos ang Takipsilim" "Simula ng Isang Kahulugan", "Ugat", at ang "Sana". kung saan namamayani ang paggamit ng mga babae bilang pangunahing tauhan ng kuwento kung saan ang pangunahing tauhan ay laging sinusuportahan ng mga pantulong na tauhan.

Dagdag pa, mababanaag din sa mga akda ni Genoveva Edroza Matute ang pagbibigay diin sa pagiging 'heroine' o bayani ng mga babaing karakter na namumutawi sa katauhan bilang isang mangingibig, ina, at asawa na may malalim na pag-unawa at pagpapahalagansa kanilang mga gamapanin sa lipunan. (Vallecera, 2019: Dials, 2017).

Gayunpaman, hindi naging madali ang pagbuo sa pag-aaral na ito, lalo pa at mahirap at maraming naging hamon sa pagkuha at paglikom ng kopya ng mga maikling kwento ni Genoveva Edroza Matute dahil na rin sa katagalan ng panahon kung kailan ito nailimbag kaya limitado ang access o mapagkukunan nito. Sa puntong ito napagtanto ko na ang pagsasagawa ng pag-aaral ay nangangailangan ng masusing paghahanda upang masiguro ang katiyakan at orgnisasyon ng pagsisimula ng pagaaral. Lalo pa at sa aking mga karanasan ay namukod ang halaga ng oras, ideya, at sarili upang matapos ang pag-aaral.

Sa puntong ito, hindi maipagkakaila na may malaking implikasyon ang gawing ito sa kaunlaran sa aking akademikong kapasidad at maging sa aspekto ng aking sarili, mula sa pananaw sa mga bagay-bagay na alam kung may positibong dulot para sa aking hinaharap.

## TALASANGGUNIAN

1. *AAlsahafi, M. (2019). A narrative discourse analysis of Poe's short story the tell-tale heart: implications for language teaching. English Language Teaching, 13(1), 1. https://doi.org/10.5539/elt.v13n1p1*
2. *Abbasi, M.H., Asif, H.M., & Farshad, M. (2023). Portrayal of gender in contemporary fiction by female novelist writers. Journal of Development and Social Sciences. 4(2), 40-48. http://dx.doi.org/10.47205/jdss.2023(4-II)04*
3. *Ahmad, M., & Shah, K. (2019). A critical discourse analysis of gender representation in the content of english langauge textbooks. Research Gate. http://dx.doi.org/10.17583/rimcis.2019.3989*
4. *Amerian, M., & Esmaeeli, F. (2014). Language and gender: a critical discourse analysis on gender representation in a series of international ELT textbooks.*
5. *Anderson, J. & Davis, A. (2019). Gender stereotyping in contemporary fiction. Research Gate.*
6. *Aspari, A.A., Hidayat, D.N., Husna, N., Alek, A. (2022). Critical discourse analysis on "bright: an english" textbook: gender equity in a popular efl school textbook in indonesia. Elsya: Journal of English Langauge Studies, 4(2), 188-196.*
7. *Bachore, M. M. (2022). Analysis of gender representation in english langauge learning materials: the case of grade ten textbook in ethiopia. Journal of Curriculum and Technology, 11(5), 181-182. https://doi.org/10.5430/jct.v11n5p175*
8. *Bisht, A. (2020). Gender representation in language use in children's storybook. Education Resources Information Center.*

9. *Casad, B. J., Franks, J. E., Garasky, C. E., Kittleman, M. M., Roesler, A. C., Hall, A. C., & PCasil-Batang, P. G. (2021). Exploring gender stereotypes in 21st century Philippine narratives. International Journal of Arts, Sciences and Education, 2(1).*
10. *Cerrato, J., & Cifre, E. (2018). Gender inequality in household chores and work-family conflict. Frontier. https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2018.01330/fu*
11. *Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: choosing among five approaches. SAGE.*
12. *Dahal, P., Joshi, S. K., & Swahnberg, K. (2022). A qualitative study on gender inequality and gender-based violence in Nepal. BMC Public Health. https://doi.org/10.1186/s12889-022-14389-*
13. *Del Campo, M. M., & Bonn, A. (2022). A short story analysis. Study. https://study.com/learn/lesson/a-short-story-analysis*
14. *Delavin, E. A. (2020). Gender bias in a philippine setting: decoding manifestations of gender division in english curriculum modules. International Journal of Innovation, Creativity and Change.*
15. *Dewi, & Joni. (2018). Representation of women in a collection of short stories "bh" by emha ainun. Atlantis Press. https://www.atlantis-press.com/article/25902384.pdf*
16. *Dials, J. G. (2017). Feminism in philippine mainstream short stories in english. International Journal of Language, Literature and Linguistics, 3(4). http://www.ijlll.org/vol3/130-LC0021.pdf*
17. *Giuliano, P. (2020). Gender and culture. NBER.*
18. *Greenbank, P. (2003). The role of values in educational research: the case for reflexivity. British Educational Research Journal, 29(6).*
19. *Gungor, A. (2020). Women's sex representation in comic book. Tiikm Publishing, 3(2). https://doi.org/10.17501/26028646.2020.3103*
20. *Heritage, F. (2020.). Applying corpus linguistics to video game data: exploring the representation of gender in video games at lexical level. https://eprints.lancs.ac.uk/id/eprint/147149/1/Heritage_VGS_paper_corpus_appraoches_PURE_lancaster.pdf*
21. *Herman, L., & Vervaeck, B. (2019). Handbook of narrative analysis (2nd ed.). University of Nebraska Press.*
22. *Hicana, M. F. (2019). Diskurso sa pagsusulat ng dalawang binibining urbana at felisa. Research Gate, (31).*
23. *Hodges, B. D., Kuper, A., & Reeves, S. (2008). Qualitative research methodologies. British Medical Journal. http://dx.doi.org/10.1136/bmj.a1020*
24. *Hyde, J. S., Bigler, R. S., Joel, D., Tate, C. C., & Anders, S. M. (2019). The future of sex and gender in psychology: five challenges to the gender binary. American Psychological Association. https://dx.doi.org/10.1037/amp0000307*
25. *Ijem, B. U., & Agbo, I. I. (2019). Language and gender representation in chinua achebe's things fall apart. English Language Teaching, 12(11), 55. https://doi.org/10.5539/elt.v12n11p55*
26. *Islam, K. M., & Asadullah, M. N. (2018). Gender stereotypes and education: a comparative content analysis of malaysian, indonesian, pakistani and bangladeshi school textbooks. http://10.1371/journal.pone.019080*
27. *Jacinto, S.K., Dimaano, M., Ramos, S.M., & Muya, G. (2020). When genders are not equal: a textual and visual analysis on selected grade 1 textbooks. Laguna Journal of Arts and Sciences, 3(3).*
28. *Jenkins, P. (2022, March 28). Why Literature is Important. brilliantio. https://brilliantio.com/why-literature-is-important/*
29. *Jeyaraj, J. S. (2021). Applying theories in literary research. Research Gate, 8(2), 18-25.*
30. *Johnson, A. B., & Smith, C. D. (2021). Gender representation in films: an analysis. Journal of Media Studies.*
31. *Kadhim, R. J. (2018). Negative treatment of women in selected short stories by katherine mansfield and ernest hemingway. African Educational Research Journal, 6(4). http://10.30918/AERJ.64.18.061 ISSN: 2354-2160*
32. *Kausar, G., Saleem, S., Suud, M. M., Alam, M., & Uddin, I. (2023). Prediction of gender-biased perception of learners and teachers using machine learning. MPDI. 15(7). https://doi.org/10.3390/su15076241*
33. *Kimario, P. A. (2021). Gender representation in african literature: a comparative of selected works by ngũgĩ wa thiong'o and b. Emecheta. University of Georgia.*
34. *Ladeza. (2019, January 13). Titser – A feminist literary criticism. Titser's Table. https://titserstable.home.blog/feminist-analysis/*
35. *Lee, J.F. (2018). Gender representation in elt textbook: a comparative. Gender and Education. 356-376.*
36. *Lim, C. (2020). Exploring narratives: a discourse analytical approach to literature. Journal of Humanities and Social Sciences. 22(4). 78-93.*
37. *Lucy, L., & Bamman, D. (2021). Gender and bias representation in gpt-3 generated stories. Association of Computational Linguistics. https://aclanthology.org/2021.nuse-1.5.pdf*
38. *Mack, N., Woodsong, C., Mcqueen, K., & Guest, J. (2005). Qualitative research methods: a data collector's field guide. Research Gate.*
39. *Manalo, A.S. (2018). Gender representation and stereotypes in the k-12 english learner's material. International Journal of Scientific Research and Management, 6(8). 10.18535/ijsrm/v6i8.el02*
40. *Martinez, J. (2020). Crafting the Art of Short Story Writing: The Author's Style in the Discourse of Short Story. Journal of Humanities and Social Sciences, 8(2), 45-56.*
41. *Mermelstein, A. D. (2018). Gender roles in children's literature and their influence on learners. MinneTESOL Journal.*
42. *Morse, J. M. (2000). Determining sample size. Qualitative Health Research. https://doi.org/10.1177/1049732307307031*
43. *Nibalvos, I. M. (2019). Lipunan at panitikan: pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. De La Salle University.*
44. *Parveen, R., & Qadir, S. A. (2019). Gender resistance: a feminist critical discourse analysis of qaisra shahraz's 'a pair of jeans & other stories. Journal of Social Sciences and Humanities, 27.*
45. *Patton, M. Q. (2002). Qualitative research & evaluation methods (3rd ed.). SAGE. https://aulasvirtuales.files.wordpress.com/2014/02/qualitative-research-evaluation-methods-by-michael-patton.pd*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

46. *Phelps, M. (2018). Gender and spiritual possession in the tale of genji. Bellarmine University.*
47. *Potter, J., & Wetherell, M. (1987). Discourse and social psychology: beyond attitude and behavior. Sage Publication.*
48. *Prosen, M. (2022). Perception of gender defined roles in nursing: a qualitative descriptive study. BMC Nurs. https://doi.org/10.1186/s12912-022-00876-4*
49. *Punch, K. F. (1998). Introduction to social research: qualitative and quantitaive approaches l. SAGE.*
50. *Roberts, L., Bacova, K., Sendin, T. S., & Urban, M. (2022). Cultural differences in the construction of gender: a thematic analysis of gender representations in american, spanish, and czech children's literature. De Gruyter. https://doi.org/10.1515/humaff-2022-2030*
51. *Santos, J. (2021). A discourse analysis og short stories. Journal of Literature Studies. 35(2). 46*
52. *Shah, M. I., & Hafeez, R. (2020). A critical discourse analysis of short story "Property of woman" by Sara Suleri. Journal of Literature, Languages and Linguistics. https://doi.org/10.7176/jlll/64-04*
53. *Shang, B. (2022). Tackling gender inequality: definitions, trends, and policy designs. International Monitary Fund.*
54. *Sharna, K. (2022, April 28). Importance of studying literature. The Asian School. https://www.theasianschool.net/blog/importance-of-studying-literature/*
55. *Shenton, A. K. (2004). Strategies for ensuring trustworthiness in qualitative research projects. Research Gate.*
56. *Sogut, S. (2018). Gende representations in high school efl cursebooks: an an investigation of job and adjective attribution. Dergi Park Academic, 18(3). https://doi.org/10.17240*
57. *Thiranagama, W. (2021). Is gender plays a role in workplace? Review of glass-ceiling effect on women employees. Journal of Business and Finance in Emerging Markets, 4(1).*
58. *Thums, K., Gnambs, T., & Wolter, I. (2020). The impact of gender-stereotypical text contents on reading competence in women and men. Springer. https://doi.org/10.1007/s11618-020-00980-8*
59. *Tian, L. & Liu, J. (2019). On the gender discrimination in english. Advances in Language and Literary Studies. 10(3), 155-159. http://dx.doi.org/10.7575*
60. *Tiangson, S. D. (2018). Images and gender role development of filipino women on selected short stories. European Journal of Multidisciplinary Studies, 3(1).*
61. *Vallecera, E. E. (2019). Pagsusuri sa mga piling maikling kwento Ni Genoveva Matute: mungkahing gabay ng pagtuturo. ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies, 15(1), 54-77. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.144*
62. *Wen, S. (2021). Gender stereotypes in chinese primary english textbooks: a study of a widely used 6th grade textbook. The University of Edinburgh Moray House School of Education.*
63. *Zeino, A., & Tabiei, A. (2020). The benefits of using world literature in globalizing english in esl classroom. Simple search. https://www.diva-portal.org/smash/get/diva2:1526038/FULLTEXT02*
64. *Zulfitriyani, & Afrodita, M. (2019). Reading and analyzing short stories as appreciation of language and literature in humanizing students in understanding cultural diversity. SciTePress*